

Kahilingan para sa pagpapaikli ng oras ng operasyon ng mga negosyong naglalabas ng mga alak katulad ng mga restawran•karaoke sa Aichi Prefecture

● Para sa mga may-ari ng negosyo na nagpapatakbo ng mga restawran at mga karaoke sa Aichi Prefecture

Upang maiwasan ang pagkalat ng coronavirus sa Aichi Prefecture, humihiling kami sa mga target na negosyo sa mga distrito ng Sakae at Nishiki ng Nagoya City na paikliin ang kanilang oras ng negosyo. Magbabayad kami ng cooperation fee sa mga negosyong nagpapaikli ng mga oras ng negosyo o nagsara nang naaayon sa kahilingang ito.

Sa pagkakataong ito, “palalawakin namin ang lugar” at “pahahabain ang panahon” ng kahilingang ito.

●Pagpapalawak ng panahon

Mula Disyembre 18 (Biyernes) hanggang Enero 11 (Lunes) (25 na araw)

※Una naming hiniling ito sa mga target na lugar ng Sakae at Nishiki sa Nagoya mula Nobyembre 29 (Linggo) hanggang Disyembre 18 (Biyernes) lamang. * Mangyaring tingnan sa link na ito para sa mga detalye

<https://www.pref.aichi.jp/site/covid19-aichi/korona1127.html>)

●Target na Lugar

Sa buong prefecture ng Aichi

※Hanggang sa Disyembre 17 (Huwebes), sakop ang ibang bahagi ng Sakae/Nishiki sa lugar sa Naka-ku, Nagoya.

●Mga detalye ng kahilingan

○Target na pasibilidad

Mga restawran na may aliwan tulad ng mga cabaret at host club, mga bar at night club, o mga karaoke na naglalabas ng mga alak.

○Oras ng negosyo

Mula 5am hanggang 9pm

○Halaga ng bayad sa kooperasyon

40,000 yen bawat negosyo bawat araw hanggang sa 1,000,000 yen

○Paraan ng aplikasyon

Kinakailangan na magparehistro sa “Safety and Security Declaration Facility” sa prefecture na ito at mag-dikit ng PR sticker at poster.

I-click ito para sa kung paano makakuha ng mga PR sticker at poster.

<https://www.pref.aichi.jp/site/covid19-aichi/anshinpr2.html>

• Mga dokumento na kinakailangan para sa aplikasyon (plano)

1 Cooperation fee application form

2 Mga dokumento na magpapatunay ng aktwal na sitwasyon ng negosyo

3 Mga dokumento na magpapatunay ng katayuan tulad ng pagpapaikli ng mga oras ng negosyo

4 Iba pang mga dokumento na kinakailangan para sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan, atbp.

5 Kontrata sa pangangako

6 Kopya ng bank account

● Contact Information

○ Aichi Prefecture New Coronavirus Infectious Disease 「Prefectural Citizens Consultation General Counter (Call Center)」

(Mangyaring makipag-ugnay sa window na ito para sa mga detalye.)

【Telephone Number】 052-954-7453

【Oras ng pagtanggap】 Araw-araw mula 9 am hanggang 5 pm

* Hindi kasama ang Disyembre 29 (Martes) hanggang Enero 3 (Linggo)

※Sa wikang Hapon lamang ang konsultasyon.

※Kung kailangan mo ng translator, mangyaring tumawag sa Aichi MultiCultural Center. Gayunpaman, hindi kami maaaring tumugon sa detalyadong mga katanungan tungkol sa Sistema ng cooperation fee na ito at mga hakbang laban sa coronavirus infection sa prefecture na ito.

○ Aichi Multicultural Center

【Telephone number】 052-961-7902

【Oras ng pagtanggap】 Lunes hanggang Sabado mula 10 am hanggang 6 pm

【 Wika ng interpretasyon 】 Portuguese, Spanish, English, Chinese, Filipino/Tagalog, Vietnamese, Nepali, Indonesian, Thai, Korean, Burmese

● Sanggunian

Para sa detalyadong impormasyon, mangyaring tingnan ang website ng Aichi Prefecture.

<https://www.pref.aichi.jp/site/covid19-aichi/kyoryokukin3.html>